# “SA GITNA NG DIGMAAN”

# SA GITNA NG DIGMAAN
(Dulang May Isang Yugto)
ni Massuline Antonio D. Ligaya

**S Y N O P S I S**

Ang dulang ito ay tungkol sa muling pagtatagpo ng magkasintahang sina Ivan at Josephine. Nagkahiwalay sila ng magpasyang pumasok sa Philippine Military Academy si Ivan upang matupad ang pangarap niyang maging sundalo. Si Josephine naman ay isang semester na laman sana upang matapos sa kurso nyang Nursing. Subalit hindi na sya pinayagang magpatuloy sap ag-aaral ng kanyang amang pinuno ng isang grupo ng mga rebeledeng nagkukuta sa mga kabundukan sa probinsya ng Quezon.

Muling magku-krus ang kanilang landas ng si Ivan ay mabihag ng kanyang ama at dinala sa kanilang kampo. Susubukin ng karanasang ito ang kanilang pagmamahalan

# SA GITNA NG DIGMAAN

Ni Massuline Antonio D. Ligaya

**MGA TAUHAN:**

IVAN

JOSEPHINE

VICTORIA

KUMANDER

KA RUFO

FATHER BENEDICT

CHARLYN

MGA REBELDE

**TAGPUAN**: Sa kuta ng mga rebelde sa isang kabundukan sa Quezon.

**PANAHON:** Dekada ’70.

**NARRATOR:** Ang kasaysayan ng mundo ay isinulat sa dugo. Ang karahasan ay dugong dumadaloy sa ugat ng tao, nakatatak ito sa kanyang kabuuan. Kaya nga’t maraming digmaan at kaguluhan ang naganap at magaganap pa. Bansa laban sa bansa. Maging ang mga taong kabilang sa iisang lahi ay nagpapatayan. Kadalasan nga kahit magkakapatid ay nag-aaway away na humahantong din sa malagim na trahedya. Subalit mayroong mas makapangyarihan kaysa udyok ng karahasan—ito ay ang pag-ibig. Pag-ibig na siyang dahilan kung bakit nilikha ng Panginoon ang sanlibutan, pag-ibig na siyang dahilan kung bakit nilikha niya ang tao sa kanyang wangis, pag-ibig na siyang dahilan kung bakit ipinadala niya ang kanyang bugtong na anak upang tayo’y tubusin sa kasalanan.

Ang kasaysayang ito ay kasaysayan ng digmaan at pag-ibig. Kuwento ito ng magkasinatahan na ang pag-iibigan ay sinubok sa gitna ng digmaan. Nangyari ito sa isang kampo ng mga rebelde sa isang liblib na lugar sa kabundukan ng Sierra Madre noong dekada ‘70.

**********

(*Makikita sa tanghalan ang kuta ng mga rebelde. Sa bandang gitna ay may isang puno ng mangga sa ilalim nito’y may mga upuang yari sa kawayan. Nakatambay doon ang ilang rebelde. Sa bandang kanan na ay may mga kulungan na yari sa kahoy at kawayan. Sa bandang kanan ay makikita si Josephine sa isang kubol nakasandal sa isang mesa.)*

**VICTORIA:** *(Dahan-dahang lalapit kay Josephine.)* Bulaga….!!!

**JOSEPHINE:** *(Nagulat!)* Ay kabayo! Hala…ano kaba naman Victoria! Napakaharot mo talaga!

**VICTORIA:** Ako maharot. Ikaw naman ay mali-mali na kapag nagugulat ay nangangabayo…hehe. Pasensya na. *(Uupo sa tabi ni Josephine.)* Hay naku Josie, hawak mo nanaman ang larawang iyan.

**JOSEPHINE:** Eh ano naman ngayon kung hawak ko nanaman ito? (*Tatahimik. Bubuntong-hininga.)* Anim na taon na kaming hindi nagkikita, ni sulat man lang wala. Marami akong ipinadalang sulat sa kanya ngunit kahit isa wala siyang sinagot. Pero bakit hanggang ngayon ay hindi siya mawaglit sa aking isipan.

**VICTORIA:** Hep, hep! Itigil mo na iyan, alam ko na ang kasunod. Ano nga iyon? Ah alam ko na… hindi siya mawaglit sa aking isipan, mahal na mahal ko pa rin siya hanggang ngayon. Handa akong maghintay, handa akong mag-tiis. Kung hindi din lang siya ay hindi na lamang ako muling magmamahal. Tapos… *(Titigil ng pagsasalita ng makitang napayuko si Josephine.)* Jo, nagbibiro lang ako ha, ayaw ko kasing makitang nalulungkot ka.

**JOSEPHINE:** Okay lang iyon Vicky, bilib nga ako sa iyo eh, memoryado mo na ang mga linya ko. Sanay na sanay na ako sa iyo. *(Lalapitan at aakbayan si Victoria.)* Masaya nga ako dahil may mascot kami dito sa kampo.

**VICTORIA:** Mascot ka dyan. *(Aalisin ang kamay ni Josephine mula sa kanyang balikat.)* Akala ko ba ako ang muse dito sa kampo, sabi mo pa nga noon, kahawig ko si Carmen Ronda, bakit ngayon biglang naging mascot.

**JOSEPHINE:** May sinabi ba akong ganun? Hindi ko yata ma-recall na sinabi koi yon…hehe

*(Lalapitan ni Rufo ang dalawa.)*

**VICTORIA:** Ay teka, papunta rito si Ka Rufo. Uy, may dala yatang calachuchi para sa 'yo. Alis muna para naman masolo ka n'ya. Hehe.

**JOSEPHINE:** Hoy! Dito ka lang. Vicky…

**VICTORIA:** Sige lang…kaya mon a 'yan.

**RUFO:** Magandang umaga Jo. Rosas para sa iyo.

**JOSEPHINE:** Salamat. Kaylangan mo ba ng gamot Ka Rufo?

**RUFO:** Ah, oo, gamot. Pero ibang gamot sana ang hihilingin ko. Gamot para sa puso kong nagdaramdam. Nagdaramdaman dahil hanggang ngayon ay hindi mo pa rin pinapansin ang iniaalay kong pagmamahal.

**JOSEPHINE:** Ay naku, eto nanaman po kami. Napakakulit mo Ka Rufo.

**RUFO:** Ano pa ba ang gusto mong gawin ko Josephine. Maayos naman akong nanliligaw sa iyo. Tapat naman ang hangarin ko.

**JOSEPHINE:** Alam mo ang dahilan Ka Rufo. Hindi ba't sinabi ko na sa iyo noon pa na ibaling mo na lang sa iba ang iyong pagtingin. May mahal na ako at hihintayin ko s'ya kahit anong mangyari.

**RUFO:** Sino? Ang lalaki bang nasa larawan na lagi mong hawak. Anim na taon na kayong hindi nagkikita. Ni sulat wala di ba. Kalimutan mo na ang taong iyon. Wala na siya. Maaring patay na. O kaya may sarili na siyang pamilya.

**JOSEPHINE:** Tama na . Kahit anong gawin mo, kahit ano ang sabihin mo, wala kang maaasahan sa akin. Nakahanda akong maghintay sa kanya, kahit ako'y maging uugod-ugod na.

**RUFO:** Hindi ka na sisiputin ng lalaking iyon

**JOSEPHINE:** Iyon ang akala mo. Alam mo Ka Rufo, nararamdaman kong malapit na kaming magkita.

**RUFO:** Magkikita! Paano? Saan? Tatakas ka? Papayagan ka ba naman ng ama mo na umalis dito. Mangarap ka, pero pag-gising mo, ako pa rin ang masisilayan ng mga mata mo. Tanging ako lamang ang makikita mong tapat na magmamahal sa iyo. At tandaan mo ito Josephine—lahat ng ginusto ko napupunta sa akin. At kung hindi ka mapapasaakin, walang makikinabang sa iyo.

**JOSEPHINE:** Ganoon ba, tignan natin. O eto na rosas mo, kainin mo, gutom lang iyan.

*(Ihahagis sa mukha ni Rufo ang mga bulaklak. Maya-maya ay humahangos na dumating si Victoria.)*

**VICTORIA:** Josephine, ihanda mo raw ang mga gamit mo sabi Ni kumander. May bihag silang sundalo, sugatan…gagamutin mo raw. O heto na sila.
*(Buhat-buhat ng 4 na rebelde ang isang sugatang sundalo, kasunod nila si kumander.)*

**KUMANDER:** Anak gamutin mo ang gagong ito. *(Lalapit si Josephine at magmamano sa kanyang ama.)* Tiyakin mong mabubuhay.

**RUFO:** *(Magkakasa ng baril at akmang tutukan ang walang malay na bihag.)* Ang kaaway ay hindi ginagamot, dapat dito ay patayin!

**KUMANDER:** *(Bumunot ng baril, tinutukan sa mukha si Ka Rufo.)* Sige iputok mo iyan ng sabay kayong mamasyal sa impyerno. *(Unti-unting magbababa ng baril si Ka Rufo, ibaba rin ng Supremo ang kanyang baril.)* Mainit masyado ang ulo mo. Kailangang magamot iyan, marami tayong makukuha sa kanyang impormasyon , lalo na sa mga operasyon nila laban sa atin.. Kapag wala na tayong pakinabang sa kanya saka mo taniman ng bala sa katawan. Kahit mamaya o bukas, kapag hindi siya nagsalita patayin mo kaagad. Nagkakaintidihan ba tayo Ka Rufo?

**RUFO:** Opo kumander! Pasensiya na, mainit lang talaga ang dugo ko sa mga sundalo. Mga tuta ng diktaturyang Marcos.

**KUMANDER:** Sumusunod kayo sa akin, may lalakarin tayo. Victoria maiwan ka d'yan, tulungan mo si Josephine. Haharap sa akin ang taong iyan mamayang hapon. Maliwanag ba Josephine.

**JOSEPHINE:** Opo ama! *(Bubuksan ni Josephine ang lagayan n'ya ng mga gamot at gamit n'ya samantalang si Victoria naman ay naglagay ng tubig sa planggana pagkatapos ay nilapitan ang bihag.)*

**KUMANDER:** Kayong dalawa, oras na magkamalay ang sundalo, kayo ang magbabantay. Lagyan n'yo ng kadena sa paa at posasan n'yo para sigurado. Huwag ninyong pababayaang makatakas kung ayaw ninyong malintikan sa akin. Tayo na. *(Dalawang rebelde ang maiiwan kasama nina Josephine at Victoria.)*

**JOSEPHINE:** *(Inayos ang mga gagamitin sa sundalo.)* Heto nanaman tayo, mang-gagamot ng sugatang sundalo tapos mamayang gabi o bukas ay papatayin din naman. Parang hindi ko na kaya ito Vicky.

**VICTORIA:** Gawin mo na lang , wala ka naming choice. At saka kawawa naman ito oh. *(Sinimulang punasan ang mukha ng sugatang sundalo.)* Ay, guwapo pala siya ah. Guwapo si papa. Kamukha yata ni Phillip Salvador. Anank ng putakte Jo, tignan mo dibdib at braso. Hihimatayin yata ako…matipuno na gwapo pa. Hindi ako papayag na papatayin nila ito. Akin na lang s'ya Jo. Itatakas ko na ito.

**JOSEPHINE:** Hoy, tumigil ka nga, kaaway natin iyan.

**VICTORIA:** Hay naku, kapag ganito ka-gwapo kaaway eh magbabalik-loob na lang ako sa gobyerno. Titiisin ko na ang kalupitan ng mga asong ulol ni Marcos makapiling ko lang itong si papa.

**JOSEPHINE:** Ah ganun, kita mo ito ng hawak ko? *(Ipapakita kay Victoria ang hawak na syringe.)*

**VICTORIA:** Heto naman, nagdyo-joke lang eh. Ano nga palang pangalan nitong taong eto. Oh, wala na ang nameplate. Teka ha. *(Kukuhanin ang pitaka ng bihag.)* Aba, milagro, narito pa ang pitaka niya. Hindi pa nakukuha ng mga timawa nating kasamahan. *(Bubuklatin ang pitaka!)*

**JOSEPHINE:** Oh baka ikaw naman ang dumekwat niyan.

**VICTORIA:** Excuse me! Mahiya ka nga diyan. Hindi ako ganun. *(Matitigilan sa makikita sa pitaka ng bihag.)* Jo, bakit may larawan ka dito sa pitaka ng bihag.

**JOSEPHINE:** Ano nanamang biro yan? Baka naman kamukha ko lang.

**VICTORIA:** Sabagay. Kamukha mo nga lang siguro. Pati nga pangalang nakalagay sa likod eh katulad din ng pangalan mo. Ano nga sa English iyon…coin…coin…

**JOSEPHINE:** Coincidence! Please lang Vicky, lahat na lang eh dinadaan mo sa joke.

**VICTORIA:** Ganun ba? O sige itutuloy ko joke ko ha… O heto babasahin ko iyong nakakatawang dedication sa likod ng picture…"Dear Ivan, May this picture remind you always of my eternal love." Sincerely, Josephine. Oh pati pangalan nitong bihag, katulad din ng pangalan ng nawawala mong boyfriend. Ivan… Lt. Ivan L. Del Rosario. Kita mo nga naman ang pagkakataon ano! Ang gandang mag-joke ng tadhana…

**JOSEPHINE:** *(Lalapitan dahan-dahan ang bihag na sundalo.)* Vicky, si Ivan nga ito! Ivan…Ivan…*(Iiyak habang nakayakap sa walang malay na si Ivan.)*

**VICTORIA:** Teka, teka, harassment iyan ah. Walang malay ang tao eh niyayakap mo. Mapagsamantala ka.

**JOSEPHINE:** *(Bibitawan ang bihag at haharapin si Victoria.)* Nakukuha mo pang magbiro ha, hindi mo ba alam kung ano ang ibig sabihin nito.

**VICTORIA:** Hep, hep. Inaaway mo ba ako, ha Josephine.

*(Tatahimik ang dalawa, magyayakapan.)*

**JOSEPHINE:** *(Lalapitan muli si Ivan. Sisimulan ng gamutin ito.)* Masaya akong nagkita kaming muli, pero ano sa palagay mo ang mangyayari sa amin. Papatayin siya ng tatay ko. Kaaway natin siya. Ano ang dapat kong gawin ngayon. *(Patuloy na lilinisan at gagamutin si Ivan.)* Bahala na sa amin ang Diyos, alam kong di niya kami pababayaan.

**VICTORIA:** Napaka-komplikado nito Jo.

**********

**NARRATOR:** Hindi malaman ni Josephine kung dapat ba siyang magdiwang sa muling pagkikita nila ni Ivan o dapat siyang malungkot. Alam niyang kahit kailan ay walang binuhay na bihag ang mga rebelde at natitiyak niyang ganoon din ang mangyayari sa kanyang kasintahan.

Ilang oras ang matuling lumipas.

**********

**VICTORIA:** Josephine, nagkakamalay na si Ivan.

**IVAN:** Ahh, nasaan ako. *(Bumangon si Ivan.)* Men, where are you? *(Akmang parang tatakbo si Ivan, pero hilong-hilo itong muling umupo sa kama. Nakita n'yang may kadena s'ya sa paa at posas sa kamay. Pagkatapos ay muling tumayo.)*

**VICTORIA:** Ayan si pogi, palapit dito. Aalis muna ako, bahala ka na sa kanya. *(Mapapansin ang mga rebelde na nakatingin.)* Kayong dalawa, sumunod kayo sa akin, may gagawin tayo.

**REBEL 1:** Pero sabi ng Supremo na…

**VICTORIA:** Susunod ba kayo sa akin o hindi?

**REBEL 4:** Halika na, tayo na, bahala na d'yan si Josephine. At saka hindi makakatakas 'yan, naka-kadena na sa paa eh may posas pa.

*(Lumayo sa kubol sina Victoria at ang dalawang bantay ni Ivan.)*

**JOSEPHINE:** Bihag ka namin ngayon, huwag mo nang pangaraping tumakas, maraming rebelde sa kampong ito, wala kang matatakbuhan. *(Nakatalikod si Josephine, hindi ipinapakita ang mukha kay Ivan.)*

**IVAN:** Napansin ko nga. Ikaw ba ang gumamot sa akin, salamat ha. Pero bakit ba binuhay pa ako ng mga kasamahan mo? Bakit ginamot mo pa ako? Umaasa ba kayo na may makukuha kayong impormasyon sa akin? Tandaan mo ito Miss, wala kayong makukuha sa akin. Alam ko namang papatayin din ninyo ako eh. Nang magsundalo ako, inasahan ko nang maaaring mangyari ito sa akin, at eto na nga. Sabagay wala naman akong asawa't mga anak na mauulila. Sayang nga lang at hindi ko na yata talagang muling makikita ang kaisa-isang babaeng minahal ko. Una't huling babae na mamahalin ko. Sinadya kong magpa-assign ditto sa Quezon umaasa na makikita ko s'ya dito. Tubong-Quezon kasi ang kasintahan ko. Ang daldal ko miss ano… *(Hindi kumikibo si Josephine. Nakatalikod pa rin s'ya kay Ivan.)* Bago man lang ako mapatay puwede ko bang makilala ang taong gumamot sa akin. Ako nga pala si Lt. Ivan M. Del Rosario. Ikaw Miss, anong pangalan mo?

**JOSEPHINE:** Jo… Josephine.

**IVAN:** Josephine?

**JOSEPHINE:** Sabi ko nga Josephine 'di ba!

**IVAN:** Tingnan mo nga naman, kapangalan mo pa ang nawawala kong kasintahan. At alam mo, kaboses mo pa siya. Miss, bakit ayaw mong humarap sa akin. *(Lalapitan si Josephine, pero lalayo ang dalaga.)*

**JOSEPHINE:** Mahal mo pa ba ang nawawala mong kasintahan.

**IVAN:** *(Matitigilan.)* Ha? Oo! Mahal na mahal, walang pagkakataon na hindi ko siya inisip. Sayang nga lang dahil mamamatay yata akong hindi ko man lang siya muling makikita. Mahal na mahal ko siya.

**JOSEPHINE:** *(Haharap at sasampalin si Ivan.)* Sinungaling, sinungaling ka Ivan. Sinungaling ka!!!

**IVAN:** *(Nabigla.)* Jo… Josephine, ikaw nga ba iyan. Ikaw nga. Josephine… *(Akmang yayakapin si Josephine.)*

**JOSEPHINE:** *(Bubunot ng baril at itututok kay Ivan.)* Huwag kang lalapit sa akin Ivan. Sinungaling ka, gusto mo bang maniwala akong mahal mo nga ako. Matapos mo akong basta iniwan sa "boarding house" noon bago ka pumasok sa PMA. Ni hindi ka nagpaalam, pinagmukha mo akong tanga. Kahit isang simpleng sulat hindi ka nag-iwan. At lahat ng sulat ko sa iyo wala kang sinasagot. Tapos ngayon sasabihin mong mahal mo ako at walang oras na hindi mo ako iniisip.

**IVAN:** Sinadya kong hindi magpaalam. Pero sumulat ako at nag-paliwanag.

**JOSEPHINE:** Sinungaling ka. Wala akong natanggap na sulat. Sinaktan mo ako ng sobra-sobra. Matapos kong ibigay sa iyo ang pagkatao ko, ang pagkababae ko, kinabukasan naglaho kang parang bula. Ano ang gusto mong isipin ko, ano ang gusto mong maramdaman ko.

**IVAN:** Alam mong matagal ko ng pangarap ang maging sundalo at natatakot ako noon na kapag nakita kitang umiyak eh baka hindi ako tumuloy. Subalit nag-iwan ako ng sulat sa kaibigan mong si Marie. At lahat ng sulat ko sa iyo ay sa kanya ko ipinaabot dahil ang sabi niya lumipat ka raw ng boarding house. Sabi mong sumusulat ka sa akin, God is my witness, kahit isa wala akong natanggap. Pero ako hanggang noong isang taon ay nagpapadala ako ng sulat kay Marie.

**JOSEPHINE:** Sinungaling ka, hindi ako naniniwala sa iyo.

**IVAN:** Wala akong magagawa, ngayon kaaway na ang tingin mo sa akin. Kay tagal kong inaasam ang pagkakataong ito, ang muli kitang makita. Ngayon, abot-kamay na kita, gusto kitang yakapin, gusto kitang hagkan. Tanging isang baril lamang ang nakapagitan sa atin. Isang baril na sumisimbolo sa digmaan sa pagitan natin. Ngayon kung ikaliligaya mo, kung maiibsan ang galit mo sa akin kapag bumaon sa puso ko ang bala ng baril mo, sige Josephine, iputok mo. Dahil kung wala na din lamang ang pag-ibig na noon ay isinumpa mong hindi mawawala, ngayon pa lang ay tapusin mo na ako. Mamili ka Josephine, dito *(Itututok ang baril ni Josephine sa kanyang ulo*) o dito (*Itututok ang baril ni Josephine sa kanyang dibdib.*) Mamili ka. Sige na iputok mo. Ano… ha… *(Lalayuan si Josephine).* Ang baba ng tingin mo sa akin. Isinusumbat mo sa akin ngayon ang nangyari sa atin noong gabing iyon. Kahit kailan hindi ko ipagmamalaki iyon. Bagkus iyon ay isang bagay na binaon ko sa aking pag-alis, isang ala-ala na nagpanatili sa iyo dito (Tuturo sa diddib.) at dito (Tuturo sa sentido). Siguro kung mahal mo pa rin ako ngayon iyon eh dahil sa may nangyari sa atin noon. Kung hindi siguro nangyari iyon matagal mo na akong kinalimutan.

**JOSEPHINE:** Hindi totoo iyan. *(Lalapitan si Ivan at pagsusuntukin ito sa dibdib.)* Minahal kita noon at mahal na mahal pa rin kita hanggang ngayon. Tapos kung anong masasakit na salita ang sinasabi mo ngayon. *(Magpapatuloy sa pag-iyak.)* Si Marie umamin sa akin noon na gusto ka n'ya. Walanghiyang iyon, sinadyang hindi ibigay ang mga sulat mo sa akin.

**IVAN:** Sinulatan ako ni Marie noon. Umamin na may gusto s'ya sa akin. Nang tinanong ko sya kung bakit hindi ka sumusulat eh ang sabi n'ya ay busy ka land daw siguro sa pag-aaral mo ng Nursing. Tapos iyon na nga lumipat ka nga daw ng boarding house. Later on sinabi n'ya sa akin may bago ka na daw na BF.

**JOSEPHINE:** Hindi totoo Ivan. Wala akong ibang naging BF kundi ikaw. Traydor pala ang babaeng iyon.

**IVAN:** Tama na Jo. Ang mahalaga nagkita na tayo. At hindi ako papayag na magkalayo pa tayo. Kahit sa ganitong sitwasyon ay nagpapasalamat ako na nagkita ulit tayo. Mahal na mahal kita Jo. (*Yumakap si Jo kay Ivan. agkatinginan ang dalawa, akmang hahalikan ni Ivan si Josephine ng biglang humahangos na dumating si Victoria.)*

**VICTORIA:** Teka, teka. Time-out! Saka na iyan. Josephine dumarating sina Ka Rufo.

**JOSEPHINE:** Mahiga ka muna Ivan, magkunwari kang wala pang malay.

**IVAN:** *(Hahalikan sa labi si Josephine. Magtatakip ng mata si Victoria.)* Hindi, bakit ko gagawin iyon. Sundalo ako Josephine, hindi ako natatakot sa mga kaaway ko.

**JOSEPHINE** Nakikiusap ako, hindi mo alam ang maaring mangyari sa iyo.

**IVAN:** Josephine, alam ko na, at nakahanda na ako.

**VICTORIA:** Pogi, pasensiya ka na ha, kailangang gawin ko ito. *(Susuntukin sa tiyan si Ivan at pagkatapos ay pupukpukin ng baril ito sa batok pagluhod nito. Mawawalan ng malay si Ivan.)*

**RUFO:** Oh, bakit nasa lupa iyan.

**VICTORIA:** Ah eh. Kasi nalaglag sa kama kanina. Oo, nalaglag nanaginip kanina, umuungol nga eh, ang sabi nga, Josephine, Josephine, mahal kong Josephine.

**RUFO:** Ano kamo? Ano ang sabi ng bihag?

**VICTORIA:** Ah ano pala. Diyos, Diyos, mahal kong Diyos, iligtas po ninyo ako.

**RUFO:** *(Tatawa ng malakas.)* Ha… ha… ha… ha. Dapat lang na tumawag siya sa lahat ng Diyos. Dahil kapag nagkamalay siya mamaya o bukas. Magbigay man siya ng impormasyon o hindi,

magkikita na sila ng tatay ko.

**VICTORIA:** Eh, Ka Rufo, nasaan po ba tatay ninyo?

**RUFO:** Tonta! Eh di nasa impyerno. Teka, ano nga palang pangalan ng sundalong ito. *(Akmang dudukutin ang pitaka ni Ivan.)*

**JOSEPHINE:** *(Pipigilan si Rufo.)* Teka, teka, Ka Rufo. Bakit kaylangan mong kuhanin ang pitaka ng bihag.

**RUFO:** At bakit naman hindi! Titingnan ko lang naman kung ano ang pangalan niya ah.

**JOSEPHINE:** Lt. Ivan M. Del Rosario. Tiningnan ko na kanina.

**RUFO:** Aba, mukha yatang nagkainteres ang magandang nurse sa bihag. Bakit kamukha ba siya ng nawawala mong boyfriend. Magkasimpogi ba sila ha. *(Hahawakan sa mukha ang walang malay na si Ivan.)* O hayan pagmasdan mo na si pogi dahil baka mamaya lang eh tutuluyan ko na ito. *(Galit na galit si Josephine subalit pilit nitong huwag pahalata. Lalapit si Victoria, itutulak nito si Rufo palayo, at tutukan ng baril si Ivan.)*

**VICTORIA:** Bakit ba pinagtatagal pa ang buhay ng sundalong ito ha, papatayin ko na ito ngayon.

**RUFO:** *(Pipigilan si Victoria, aagawin ang baril nito.)* Hoy, huwag, naloloka ka na ba?

**VICTORIA:** Ano ba, ibalik mo sa akin iyan, tatapusin ko na si papa, total doon din naman mapupunta iyon eh.

**RUFO:** Magtigil ka na nga, kapag nakuha na natin ang kaylangan natin sa kanya saka natin todasin. *(Babaling kay Josephine.)* Hoy magandang nurse, hihilingin ko sa kumander na ikaw mismo ang papatay sa kanya, doon natin masusubok ang katapatan mo sa samahan. Kaya humanda ka.

**JOSEPHINE:** Sus…kumana ka na naman. Sige…subukan natin.

**RUFO:** Sige tingnan natin… Ha… ha… ha… Ngayon pa lang eh parang kinakabahan ka na eh. Hoy Victoria, tawagin mo ako kapag nagkamalay na si papa mo. (*Aalis.)*

**VICTORIA:** *(Lalapitan si Ivan.)* Naku napalakas yata ang pagpalo ko sa kanya ng baril. Pasensya ka na Jo ha. At saka drama ko lang kanina iyong sinabi kong papatayin ko si Ivan.

**JOSEPHINE:** *(Lalapitan sina Victoria at Ivan.)* Okay lang iyon, alam ko namang palabas lang iyon eh.

*(Dadating ang ilang rebelde, may kasamang bihag na babae at isang pari.)*

**REBEL 1:** Sige lakad. *(Itutulak si Charlyn, masusubsob ito.)*

**CHARLYN:** Napakawalanghiya n'yo, ano ba ang kasalanan ko sa inyo. *(Iiyak.)* Pakawalan na n'yo ako. Ayaw ko rito.

**FATHER:** Tama na. Hindi ka papakinggan ng mga 'yan. Hayaan mo, hindi tayo pababayaan ng Diyos.

**REBEL 2:** Hoy, tumayo na kayo, tama na ang drama. Ano father, itayo mo na iyan.

**REBEL 1:** Father, father. Puwede bang ikasal mo kami ngayon. *(Hahawakan si Charlyn sa kamay. Papalapit na sina Josephine at Victoria.)*

**CHARLYN:** Bitiwan mo ako, bastos!

**REBEL 1:** Bastos pala ha! *(Akmang sasampalin si Charlyn.)*

**VICTORIA:** Hoy, hoy, kaming mga babae eh minanahal, hindi sinasampal. At saka bading ka ba para manampal.

**JOSEPHINE:** Anong ibig sabihin nito ha? Bakit may babae kayong kasama? At si Father Benedict, bakit bihag ninyo?

**REBEL 2:** Eh utos po ni kumander.

**JOSEPHINE:** Sinungaling! Bakit naman gagawin ito ng Supremo. Nasaan si ama?

**KUMANDER:** Nandito ako anak. *(Darating kasama si Rufo.)* Utos ko nga iyan. Siya si Charlyn. Ang babaeng ito eh anak ni Mr. De Villa. Kilala mo si Mr. De Villa 'di ba? Ang mayaman nating kababayan na nagtanggal ng marami niyang empleyado sa patahian nila.

**JOSEPHINE:** Eh ano po ba ang kailangan ninyo kay Charlyn? May kasalanan din ba siya?

**KUMANDER:** Wala! Nandito lang siya para masigurado nating babayaran ni Mr. De Villa ang mga taong tinanggal niya sa trabaho. Aba matagal na sa patahian nila ang mga taong iyon tapos ni singkong duling ayaw niyang magbayad ng "separation pay." Sakim si Mr. De Villa Hindi puwede iyon. Kaylangang bayaran niya ang mga taong tinanggal niya. Kung hindi…

**CHARLYN:** Kung hindi eh ano, ha. Papatayin ninyo ako. Ano bang kinalaman ko sa kasalanan ng daddy? Ito ba ang sinasabi ng mga tao na kayong mga taong labas eh makatarungan. Ito ba ang uri ng katarungan na pinaiiral ninyo ha.

**JOSEPHINE:** Tama po siya ama! Wala siyang kasalanan sa mga ginagawa ng daddy n'ya. Pakawalan na ninyo s'ya. At si Father, bakit binihag ninyo. Pati ba naman alagad ng Diyos eh idinadamay ninyo.

**KUMANDER:** Magtigil ka Josephine, ako ang pinuno dito, alam ko ang ginagawa ko. Hindi ko puwedeng pakawalan si Charlyn. Tuso ang tatay nyan, makunat pa sa Intsik. Siya lang ang pag-asa nating makuha ang pera ng mga taong tinanggal niya sa trabaho. At ang paring ito, wala na siyang ginawa sa mga misa niya kundi tuligsain ang grupo natin. Hindi siya patas. Bakit hindi n'ya makita ang mga maling ginagawa ng gobyerno. Kailangang maturuan siya ng leksyon.

**JOSEPHINE:** Ama, mali po ang ginagawa ninyo. Ano po ba talaga ang simulain ng grupong ito? Bakit tingin ko parang lumilihis tayo.

**KUMANDER:** (Lalapitan si Josephine, sasampalin ito.) Nawawalan ka na talaga ng galang. Ilang beses mo na bang tinuligsa ang mga desisyon ko sa harapan ng mga tauhan ko ha. At ano ba ang nalalaman mo sa simulain ng grupo.

**FATHER:** Tsk, tsk, tsk. Baligtad na talaga ang mundo, anak na ang nagpapakita sa magulang na mali ang ginagawa nito. Ano nga ba ang mga simulain ng grupo ninyo? Ang maghasik ng kasamaan. Akala mo ba hindi ko pa alam na pinapasok ninyo ang kidnapping para makaipon kayo ng pera. At akala mo ba na hindi ko alam na bukod sa bayad sa mga tinanggal na empleyado eh may kapalit din na ransom ang paglaya ni Charlyn. Kunwari pa kayong nagmamalasakit kayo sa mga empleyado ha. Pera-pera lang talaga ang labanan.

**KUMANDER:** *(Bubunutin ang patalim at akmang sasaksakin si Father.)* Napakadaldal mong pari ka, ginagalit mo talaga ako ha!!!

**CHARLYN:** *(Ihaharang nito ang katawan para protektahan si Father.)* Huwag po, maawa kayo kay Father.

**KUMANDER:** Alam ko naman kung bakit marami kang nalalaman sa mga ginagawa naming eh.

**FATHER:** Ganun ba! Eh bakit ng aba?

**KUMANDER:** Dahil mayroon kaming kasamahang ahas dito. Isang ahas na siyang nagsasabi sa inyo, at sa mga militar ng mga ginagawa at gagawin namin. At alam mo Father. Kilala ko na siya. Nandito siya, ang taksil naming kasamahan. Gusto mo ba Father ituro ko siya, ang magiting naming kasamahan na matagal-tagal na rin kaming iniisahan. Pero sabi nga nila matalino man ang matsing napaglalalangan rin. At ano pa nga iyong isang kasabihang nababagay rito? *(Ituturo ang isang rebelde.)* Ikaw, alam mob a?

**REBEL 3:** Ako po ba?

**KUMANDER:** Oo, ikaw!!!

**REBEL 3:** Ano po ba, ah… "Walang bahong hindi umaalingasaw."

**KUMANDER:** Magaling! Narinig mo iyon Father, "Walang bahong hindi umaalingasaw." Ikaw naniniwala ka ba doon ha? *(Lilingon kay Rebel 3.)* Ang isa pang kasabihan eh, "Walang lihim na hindi nabubunyag." Katulad nito! *(Ilalabas ang isang portable radio).* Ano na nga ang call sign mo Father - Foxtrot Bravo - handle mo - Father Benedict – tama ba ako Father. Sa pamamagitan ng radyong ito nalalaman mo kung ano ang mga ginagawa namin dito. Sino kaya ang may-ari nito? Ikaw kilala mo? *(Lilingon ulit kay Rebel 3.)*

**REBEL 3:** Kumander patawad po, patawad po Kumander!!! *(Luluhod sa harap ni kumander.)* Bigyan pa ninyo ako ng isang pagkakataon. Huwag po ninyo akong papatayin. Hindi na po ako uulit. *(Lalapitan siya ni Rufo.)* Ku…kuya, tulungan mo ako. *(Yayakapin si Rufo.)* Kapatid mo ako di ba, sabi mo sa akin noon, kung may mananakit sa akin eh ipagtatanggol mo ako dahil mahal mo ako. *(May ilalabas na jungle knife si Rufo.)* At ipinangako mo sa nanay noon bago siya namatay na aalagaan mo ako. Kuya kausapin mo si kumander na patawarin niya ako. Kuya please, mahal mo ako di ba.

**FATHER:** Huwag anak, huwag mong gawin iyan, huwag…

**KUMANDER:** Ka Rufo!

*(Sasaksakin ni Rufo sa tagiliran ang nakayakap nyang kapatid. Pagkatapos ay itutulak.)*

**REBEL 3:** Ku…kuya…ba…bakit?

**CHARLYN:** (Magiging hysterical sa nakita, magsisisigaw.) Ahhhh… Ano ba ito?… Ahhh… Ayaw ko na rito… Diyos ko iligtas mo po kami. Ahhhhhh. Father paano na tayo.

**FATHER:** Shh, shh. Tama na. (Yayakapin si Charlyn.) Manalig tayo sa nasa taas.

**REBEL 3:** Ku…kuya. *(Mapapaluhod, titignan si Rufo.)* Okay lang… naiintidihan ki…kita. Ma…mahal pa…pa rin ki…kita kuya.

**RUFO:** *(Luluhod at hahawakan ang namatay na kapatid. Sisigaw ng malakas.)* Ahhhhhhh… Bakit? Bakit? Ahas ka kasi kapatid, taksil ka. *(Tatayo at titingin sa lahat ng mga kasamahan.)* Kung sino man sa inyo ang gagaya sa kapatid ko, ganito ang sasapitin. Tandaan ninyo iyan.

**KUMANDER:** Rufo, bakit mo ginawa ang ganoon. Alang-alang sa katapatan mo sa akin, nakahanda sana akong patawarin ang kapatid mo.

**RUFO:** Supremo, walang puwang sa grupo ang kataksilan. Kayo ang nagturo sa akin niyan. (Aalis.)

**KUMANDER:** Ilibing na ninyo ito. Kayo, ilagay na sa kulungan ang dalawang 'yan. Paano ba 'yan Father, nawalan ka na ng informer, hayaan mo malapit na kayong magkasama. Josephine, gisingin mo na ang bihag, iharap mo siya sa akin.

**********

**NARRATOR:** Inilibing ng mga rebelde ang kapatid ni Rufo. Lalong nangamba si Josephine sa nasaksihan, kapatid mismo ng kanang kamay ng kumander ay hindi pinatawad. At dumating na nga ang pinangangambahang pagkakataon ni Josepine.

**********

**REBEL 4:** Josephine, ipinapasundo ng ama mo ang bihag.
*(Nagkatinginan sina Ivan at Josephine, hindi kumikilos si Josephine, napatiningin rin ito kay Victoria.)*

**REBEL 5:** Dalian mo, baka magalit sa amin si kumander.
*(Kusa ng tumayo si Ivan upang sumama sa mga rebelde.)*

**REBEL 4:** Sige lakad, napakabagal mo ah, ganyan ba ang itinuturo sa PMA. Para kang bading.

**IVAN:** Pasalamat ka at bihag ako. Matapang ka lang dahil may armas ka at marami kang kasama dito. Ganyan ka rin kaya katapang kapag wala kang mga kasama, ha!

**REBEL 5:** Sige na, marami ka pang satsat. *(Itutulak si Ivan.)* Ganyan din naman kayong mga sundalo di ba? Matapang kayo kung marami. Pare-pareho lang tayo.

*(Iuupo si Ivan sa isang upuan. Itatali ito. Darating sina kumander, Rufo at ilang rebelde. Lalapit din sina Josephine at Victoria.)*

**KUMANDER:** How do you do Lt. Ivan del Rosario? Nagulat ka ba dahil marunong akong mag-English. Akala mo kayo lang ang marunong, May pinagaralan din ako, tapos ako ng Political Science sa UP.

**IVAN:** I am not interested with your educational qualifications!

**RUFO:** *(Babatukan si Ivan.)* Matuto kang gumagalang sa aming kumander.

**KUMANDER:** It’s okay. Pabayaan mo lang siya.

**IVAN:** Alam ninyo napanood ko na ito sa sine eh. Hihingan ng impormasyon ang bihag, magmamatigas ang bihag. Tapos tatakutin. Ito namang bihag matatakot, tapos kakanta. Pero sa bandang huli papatayin pa rin siya. Kumander, ganoon mo din ba inihanda ang script natin, ha?
Huwag na kayong magpakapagod. Takutin man ninyo ako, bugbugin, putulan ng daliri, dukutin ang mata… wala kayong mapapala sa akin. Kaya para hindi kayo mapagod, patayin na ninyo ako.

**KUMANDER:** O Rufo, gawin mo na trabaho mo.

**RUFO:** *(Hihilahin ang buhok ni Ivan mula sa likod.)* Lt. Del Rosario, simple lang ang itatanong ko sa iyo, kung ayaw mong mahirapan ka, sasagot ka ng tama at maayos. Kaylan sasalakay dito ang mga sundalo, at saan sila dadaan? *(Magiging tahimik ang lahat.)* Sagot, sagot!!!

**IVAN:** Okay, okay, bitiwan mo buhok ko at sasabihin ko na. *(Bibitiwan ni Rufo ang buhok ni Ivan.)* Puwede bang ibulong ko na lang sa iyo. *(Ilalapit ni Rufo ang tenga nito sa bibig ni Ivan. May ibubulong si Ivan.)*

**RUFO:** (Galit na galit na susuntukin ni Rufo sa tiyan si Ivan. Napapikit si Josephine sa nakita. Mapapansin iyon ni Rufo.) Gago!!! Nililoko mo ba ako ha.

**KUMANDER:** Bakit? Ano bang sinabi ba sa iyo n’yan?

**RUFO:** Hindi daw sundalo ang sasalakay dito kundi si Santa Claus, tapos sa pasko daw siya pupunta, sa langit daw dadaan sakay ng mga reindeers. *(Sasampalin si Ivan.)* Ano, magsasalita ka ba o hindi!

**IVAN:** Ang alam ko bading lang ang nanampal. Tapos kanina sabunot. Bakla ka ba, ha?

**RUFO:** Oo, at ito pa, kukurutin pa kita. *(Kukurutin ng kukurutin si Ivan sa iba't-ibang bahagi ng mukha.)*

**IVAN:** Kumander. Pagbigyan mo ako kahit sandali lang, gusto ko lang sukatin kung gaano katapang at kagaling itong kanang-kamay mo. Pakawalan mo ako.

(*Kumuha ng pat-pat si Rufo, at paulit-ulit na hinampas sa hita si Ivan.)*

**IVAN:** Sige pa Rufo, laksan mo pa.

**JOSEPHINE:** *(Hindi na nakatiis si Josephine.)* Tama na iyan, sobra ng lupit ninyo. *(Magugulat ang lahat sa sinabi ni Josephine.)*

**KUMANDER:** Anong ibig sabihin nito Josephine ha, kinakampihan mo ba itong kaaway natin.

**VICTORIA:** Ah, Supremo, hindi po ganoon. Ang… ang.. ibig sabihin po ni Josephine eh… patayin na lang natin iyan.

**IVAN:** Tama, huwag na kayong magpakapagod. Patayin na lang ninyo ako. (Titingin kay Josephine, mapapayuko si Josephine.)

**RUFO:** *(Ilalabas ang kanyang jungle knife.)* Sasabihin mo ba sa amin o hindi. (Itututok sa leeg ni Ivan ang jungle knife.) Sagot, sagot!

**IVAN:** *(Tatawa lang ng tatawa.)* Ha, ha, ha, ha….

**RUFO:** May nakakatawa ba?

**IVAN:** IKAW!!! Alam mo nakakatawa ka, kapag nagagalit ka eh lumalaki butas ng ilong mo. Ang pangit mo. Ha, ha, ha, ha.

**FATHER:** Hindi ba kayo natatakot sa mga ginagawa ninyo. Sa iyo Rufo hindi na ako magtataka, demonyo ka naman talaga eh. Pati kapatid mo pinatay mo.

**CHARLYN:** Kriminal! Mamatay-tao. Makakarma ka rin.

**RUFO:** *(Titignan ng masama ang mga bihag at iiling-iling. Itatapon ang jungle knife at ilalabas ang kanyang caliber 38.)* Sige nga tignan ko kung gaano ka kagaling, kung talagang matibay ang dibdib mo. *(Lalagyan ng isang bala ang caliber 38, lalaruin ang baril, pagkatapos ay itututok ito sa ulo ni Ivan.)* O bago ko kalabitin ang gatilyo nito puwede ka nang mamili – kakanta o magdasal.

**IVAN:** Si… sige… ipu… iputok mo na!

**RUFO:** Ha… ha…ha… ha… Nanaginginig yata boses mo Ivan. Unti-unti na bang ginagapangan ng takot ang katauhan mo ha. O ito pupunta ako sa likod mo. O hayan nakatutok pa rin ang baril ko sa iyo bibilang ako ng tatlo. Isa… magsasalita ka na ba… aba ayaw pa rin… dalawa… tatlo. (Kakalabitin ang gatilyo, hindi puputok, parang nagulat si Ivan, ganoon din si Josephine.) Aba masuwerte ka yata Lt., hindi natapat. O ito uulitin ko, baka matsambahan na kita. Isa, dala…

**IVAN:** Tama na, sige na, kakanta na ako.

**RUFO:** Bumigay! Duwag ka rin pala ano, ayaw mo pang mamatay ano? O sige kanta na.

**IVAN:** Wala man lang bang gitara dito, para maganda ang kanta.

*(Galit na lalapit si kumander kay Ivan, binunot ang baril niya, pinulot ni Rufo ang inihagis na jungle knife, akmang sasaksakin si Ivan, bumunot ng baril si Josephine, itinutok ito kay Rufo, mapapatingin sina kumander at Rufo kay Josephine, may dumating na rebelde.)*

**REBEL 6:** Kumander, kumander, tumawag po si Ka Elmo, sinasalakay daw ng sundalo ang kampo nila, kaylangang-kaylangan nila ang tulong natin.

**KUMANDER:** Ilagay sa kulungan si Lt. del Rosario, dalian ninyo, ikaw Josephine, marami kang dapat ipaliwanag sa akin mamaya. Gandahan mo ang paliwanag mo kundi malilintikan ka sa akin. Tayo na. Maiwan ang ilan, bantayan ninyo ang mga bihag. Ikaw Victoria, sumama ka sa amin.
*(Lalapitan ni Rufo si Josephine.)*

**RUFO:** Hindi ko makakalimutan ang ginawa mo sa akin kanina. Josephine, alam ko na, Napagdugtong-dugtong ko na. Mukhang ang sundalong iyan ang nawawala mong kasintahan. *(Yumuko lamang si Josephine.)* Hayaan mo pagbalik ko mamaya, tuluyan na siyang mawawala sa iyo. Ipinapangako ko iyan.

**********

**NARRATOR:** Umalis sina kumander at Ka Rufo kasama ang ilang rebelde. Dalawang rebelde lang ang naiwan upang magbantay sa mga bihag. Batid ni Josephine na may mangyayari sa pagbabalik ng kanyang ama. Kaylangan na niyang kumilos dahil hindi lamang ang buhay ni Ivan ang nanganganib, kundi maging sa dalawang bagong bihag.

**********

**JOSEPHINE:** May tawag ka sa radyo, ang Supremo yata. *(Umalis ang Rebel 4. Lumapit si Josephine sa kulungan nina Charlyn at Father, bubunutin nito ang baril, magugulat sina Charlyn at Father. Hahampasin ni Josephine sa batok ang nakatalikod na rebelde, mawawalan ito ng malay.)*

**FATHER:** Anong balak mong gawin hija?

**JOSEPHINE:** *(Kukuhanin ang susi sa bulsa ng walang malay na rebelde.)* Itatakas ko kayo.

**CHARLYN:** Delikado ang gagawin mo, baka mapahamak ka dahil sa amin.

**FATHER:** Hayaan mo na kami dito hija.

**JOSEPHINE:** *(Tatanggalin ang kandado ng kulungan.)* Hindi Father, itatakas ko kayo, bahala na, ayaw ko na rin dito. *(Lalabas ng kulungan sina Chralyn at Father, pupuntahan ni Josephine ang kulungan ni Ivan.)*

**IVAN:** Josephine, mapanganib itong gagawin mo, baka mapatay ka.

**JOSEPHINE:** Dati na akong patay, nabuhay lang ako ng makita kita uli. At kapag nawala ka pa ulit, tuluyan na akong mamamatay. *(Binuksan ni Josephine ang kulungan ni Ivan, pagkabukas nito ay nagyakapan ng mahigpit ang dalawa.)*

**IVAN:** Hindi kita kinalimutan kahit kaylan Josephine.

**JOSEPHINE:** Ikaw man.

**FATHER:** Hoy Romeo & Juliet mamaya na iyan, baka dumating na iyong isang bantay at sina Supremo. Tayo na. Dali.

**CHARLYN:** Bilisan nating, tayo na.
*(Dumating si Rebel 4.)*

**REBEL 4:** Josephine, anong ibig sabihin nito.

**IVAN:** Ibaba mo iyang baril mo, BABA!!!
*(Ibinaba ni Rebel 4 ang baril. Lalapit si Ivan sa rebelde at pinukpook ito ng baril sa batok. Nawalan ito ng malay.)*

**********

**NARRATOR:** Mabilis na tumakas ang apat. Alam ni Josephine na kapag inabutan sila ng kanyang ama ay papatayin silang lahat. Mga dalawampung minuto pagkaalis nina Josephine ay dumating sina Supremo sa kampo. Galit nag alit ito sa ginawa ni Josephine. Kaagad na inutusan nito sina Ka Rufo na habulin ang mga tumakas.

**********

**KUMANDER:** Ano, hindi pa ba dumarating ang mga naghahanap kina Josephine?

**REBEL 4:** Hindi pa po kumander.

**KUMANDER:** Ang lalaki kasi ninyong tanga! *(Sasampalin sina Rebel 4 at Rebel 1.)* Kung may isip sana kayo Hindi nangyari sa atin ito. *(Tutukan ng baril ang dalawang rebelde.)* Dapat sa inyo patayin na rin eh.

**VICTORIA:** Huwag po kumander, hindi naman nila kagustuhan ang nangyari.

**REBEL 1:** Nagtiwala kami sa anak ninyo kumander, hindi namin akalain na gagawin n'ya 'yun.

**KUMANDER:** Ikaw Victoria. Anong nalalaman mo sa pangyayaring ito. Sino ba talaga ang Ivan na iyon at ganoon ang ikinikilos ni Josephine. Tapos ngayon itinakas pa niya. Sino ba siya ha Victoria?

**VICTORIA:** Sige po Supremo, magtatapat na ako. Si Lt. Ivan del Rosario ay ang nawawalang kasintahan ni Josephine.

**KUMANDER:** Ganoon ba, at ang walanghiya, kaaway pa natin ang napiling kasintahan.

**VICTORIA:** Supremo, magkakilala na sila bago pa man naging sundalo si Ivan. Sa kolehiyo pa lang eh magkasintahan na sila.

**KUMANDER:** Huwag mo ng ipagtanggol ang kaybigan mo Victoria.

**REBEL 1:** Kumander nandito na po sina Ka Rufo.
*(Nahuli nina Rufo sina Josephine at Ivan.)*

**KUMANDER:** Bakit sila lang, nasaan sina Father at Charlyn.

**RUFO:** Hindi na naming sila naabutan, nakatakas sila. (Itutulak sina Josephine at Ivan sa harapan ni kumander.) Hayan ang anak ninyong taksil at ang pinakamamahal niyang kasintahan.

**KUMANDER:** *(Sasampalin si Josephine, hihilahin ito sa buhok mula sa likod.)* Bakit mo ginawa ito ha Josephine? Bakit? Hindi mo na isinaalang-alang ang pagiging kumander ko! Nakakahiya ka.

**RUFO:** Supremo, alam kong batid ninyo kung ano ang ginagawa sa mga nagtataksil sa grupo, huwag ninyong kakalimutan ang mga bagay na kayo ang nagturo sa amin.

**KUMANDER:** Huwag mo akong diktahan ka Rufo. Alam ko ang ginagawa ko. *(Kukuhanin ang jungle knife ni Ka Rufo. Lalapitang muli si Josephine.)*

**IVAN:** Pati ba naman anak mo isasakripsiyo mo para sa baluktot na prinsipyo ng sinasabi ninyong grupo. Ano bang uri ng doktrina mayroon kayo, wala kayong paggalang sa buhay ng tao.

**RUFO:** *(Babatukan si Ivan.)* Hoy tumahimik ka dyan, katapusan mo na rin ngayon kaya kung marunong kang magdasal ay simulan mo na.

**JOSEPHINE:** Sige ama, patayin mo na ako. Tuparin mo ang tungkulin mo sa grupo, grupong minahal mo ng higit sa pagkatao mo at iyong pamilya, grupong mas minahal mo kaysa sa akin. Tutal matagal mo na akong pinatay ng sapilitan mo akong dalhin dito sa kampo. Ni hindi mo hinintay na makatapos akong mag-aral, sabi mo kaylangang-kaylangan ako dito, ni hindi mo tinanong kung gusto ko bang sumama sa iyo dito o hindi.

**IVAN:** Kumander ako na lang ang patayin ninyo. At kapalit ng buhay ni Josephine ay ibibigay ko lahat lahat ng impormasyong gusto ninyo. Huwag lamang ninyo siyang sasaktan.

**RUFO:** Tumigil ka. Kumander, ano pa ba ang hinihintay ninyo. Patayin mo na ang dalawang iyan. O baka naman hindi na kaya ng dibdib mo, humihina na bang loob mo ha, kumander. *(Babaling sa ibang rebelde.)* Kayong lahat, nakita ninyo kung paano ko isinakripisyo ang aking kapatid. Mahal na mahal ko iyon, pero walang puwang sa organisasyon ang mga katulad niyang traydor. At narito ngayon ang isang taong nagtaksil sa grupo. Ang mga katulad niya ay hindi nagtatagal ng isang araw. Ano ba ang dapat sa mga katulad n'ya?

**REBEL 1:** PATAYINNN!!!

**ALL THE REBELS:** TAPUSIN NA 'YAN!!!

**VICTORA:** Ka Rufo. Nagsasalita ka ng ganyan dahil may personal kang galit kay Josephine. Galit ka sa kanya dahil sa ilang taong mong panliligaw sa kanya ay wala kang napala. At ngayon nakita mo ang taong siyang dahilan ng pagkabigo mong mapa-ibig si Josephine kaya lalo kang nagagalit. Sinabi sa akin ni Josephine na minsang nagbanta ka na kung hindi din lang siya mapapasaiyo walang ibang makikinabang sa jkanya. At ito na ba ang katuparan ng banta mong iyon. Kaya ayaw mong manaig ang katwiran. Ayaw mong magkaroon ng puwang ang awa sa pagkakataong ito.

**RUFO:** Nakalimutan mo na ba ang ginawa ko sa aking ka…

**VICTORIA:** Sa kapatid mo, sino ba ang makakalimot sa kahayupang ginawa mo. Gusto mo bang tanawin naming utang na loob sa iyo iyon ha. Si kumander na mismo ang nagsabi sa iyo na puwedeng mapatawad sana ang kapatid mo. Ang sabihin mo talagang mapusok ka, walang puwang sa dibdib mo ang pag-ibig , ang kapatawaran.

**RUFO:** Inaamin kong mahal ko si Josephine, inaamin kong galit ako sa kanya at sa lalaking ito. Pero ngayon hindi pag-ibig ang pinaguusapan dito kundi ang katapatan sa grupo at sa mga prinsipyo nito. At ano ang itinuro sa atin ni kumander. Mas mahalaga ang organisasyon kaysa tao, mas mahalaga ang grupo kaysa sa ano pa man. At kapag dito ay may nagtaksil kamatayan lamang ang tanging magtatama sa pagkakamaling iyon. Kung may nagturo sa akin na maging ganito ikaw iyon kumander. Ginawa mo akong bato, walang pakiramdam, manhid ang puso at isipan. Ang tanging nalalaman ko ay katapatan sa organisasyon natin.

**JOSEPHINE:** Ama, kredibilidad mo na ang nakataya, gawin mo na, di ba mas mahalaga sa iyo ang kredibilidad mo bilang lider kaysa sa akin na anak mo. Tapusin na ninyo ang kuwento ko ama.

**VICTORIA:** Kumander, huwag ninyong bahiran ng dugo ng anak ninyo ang inyong mga kamay.
**RUFO:** Ano bang drama ito, kumander, sabihin lang ninyo kung hidin ninyo kaya, ako ang gagawa para sa inyo.

**JOSEPHINE:** Ama, aaminin ko sa inyo na galit ako, pero mahal na mahal ko kayo. Alam kong inilaan ninyo ang inyong buhay sa grupo. Dugo at pawis ang ipinunhunan ninyo dito. Mauunawaan ko kung ako'y inyong isasakripisyo, wala na rin namang halaga at direksyon ang buhay ko rito. Sapat na sa akin na bago ako mamatay eh nakita ko si Ivan. Masaya na ako ama. Alam ko namang ano man ang mangyari eh papatayin din ninyo siya. Pakiusap na lang ama, huwag na ninyo siyang pahirapan pa, sabay mo na kaming kitlan ng buhay. At kung mamamatay kami, pakiusap lang po, kayo ang gumawa, huwag ang Rufong iyan. Sige na ama, gawin mo na.At pakiusap lamang po ama, pagsamahin mo kami ni Ivan sa iisang libingan.

**RUFO:** Huwag na nating pagtagalin pa ito kumander, naiinip na ang mga tao natin. Ipatupad na ninyo ang nararapat na parusa para sa suwail at taksil ninyong anak.

**KUMANDER:** *(Lalapitan si Josephine.)* Hindi mo lang alam na mahal na mahal kita anak. Ang pumatay sa iyong ina at kapatid ay mga sundalo. Napagkamalan silang mga rebelde rin. Tiyak kong isusunod ka na nila, galit na galit sila sa akin noon dahil sa mga napapatay kong sundalo at mga opisyal nila ditto sa probinsya natin. Kaya kayong pamilya ko ang pinagdidiskitahan. Kaya kahit hindi ka pa tapos ng pag-aaral ay dinala kita ditto sa bundok *(Yayakapin si Josephine.)* Patawarin mo ako anak. *(Itatarak ng Supremo ang kutsilyo sa kanyang dibdib. Aakalain ng lahat na si Josephine ang kanyang sinaksak. Unti-unti mapapaluhod ang Supremo, duguan.)*

**JOSEPHINE:** AMA!!! AMMMMAA!!!
*(Hahawakan sa pisngi si Josephine, unti-unting lalaylay ang kamay nito. Yayakapin ni Josephine ang namatay na ama.)*

**RUFO:** *(Lalapitan ni Rufo ang Supremo.)* Supremo, Josephine gamutin mo iyong ama.

**JOSEPHINE:** Huwag na Ka Rufo. *(Itutulak ni Josphine si Rufo.)* Masaya ka ba ha Ka Rufo. May namatay nanaman. O heto ang dugo na ama ko. Di ba gustong-gusto mong makakita ng dugo. Hayan, hayan. *(Ipupunas ang dugo sa mukha ni Ka Rufo.)* Magsaya ka. Magsaya ka!!! O hindi pa sapat, o heto ang jungle knife mo, patayin mo na rin ako, o heto, sige saan mo gustong isaksak, dito ba, dito. O, isama mo na rin si Ivan, hindi ba kaaway natin siya. O heto patayin mo na rin. O heto ang baril. Sige saksakin mo na ako, tapos barilin mo na si Ivan. Sige na, naduduwag ka na ba ha. *(Pagsusuntukin si Rufo sa dibdib. Lalapitan ni Ivan si Josephine.)*

**IVAN:** Tama na, halika na Josephine.

**VICTORIA:** Ngayong wala na ang Supremo paano na tayo ngayon. Sino na ang mamumuno sa atin.

**IVAN:** Kung mamarapatin ninyo gusto ko sanang magsalita.

**RUFO:** Si… sige Ivan

**IVAN:** Matagal na tayong nag-aaway. Kaylan ba ninyo sinimulan ang pakikipaglaban sa gobyreno. Matagal na, 'di ba? Marami ng buhay ang nawala sa inyo, ganoon din sa amin, pero hanggang ngayon wala pa ring nangyayari. Bakit hindi ninyo subukan ang manumbalik sa pamahalaan, baka sakaling kapag nagtulungan tayo ay may makita tayong mga pagbabago. Tutulungan ko kayo.

**REBEL 4:** Kapag sumuko ba kami ay makukulong pa rin kami.

**IVAN:** Hindi! Kasama iyan sa tinatawag nating "amnesty program" ng gobyerno. Mabibigyan pa kayo ng hanapbuhay.

**VICTORIA:** Totoo ba 'yan?

**IVAN:** Magtiwala kayo sa akin.
(Magiging tahimik ang lahat.)

**RUFO:** Sa pagkawala ni kumander, kaylangang merong bagong mamumuno sa atin.

**REBEL 1:** Ka Rufo, ikaw lamang ang pwedeng mamuno sa amin. Iyon ay kung sasang-ayon ang mga kasamahan natin.

**REBEL 6:** **Sumasang-ayon ako.**

**SOME OF THE REBELS:** Sang-ayon din kami.

**RUFO:** Salamat, pero ayaw kong tawagin ninyo akong kumander. Iisa lang ang kumander natin, ang ama Ni Josephine. Tawagin na lamang ninyo akong Ka Rufo. *(Titingin kay Ivan.)* Makakalis ka na Ivan, kung gusto mong sumama Josephine ay hindi ka namin pipigilan. Hinihiling ko lang na iwanan mo dito ang bangkay ni kumander. Gusto kong manatili siyang kapiling namin. Ngayon, kung mayroon sa inyong gustong magbagong buhay, malaya kayong makakaalis.

**IVAN:** Tayo na Josephine. Ka Rufo, makinig ka sa akin, kaylangan ninyong lumipat ng kampo, alam na ng militar ang lugar na ito. Hanggang doon lang ang puwede kong sabihin sa inyo.

**JOSEPHINE:** Sandali lang. *(Lalapitan ang bangkay ng ama, hahalikan ito sa noo.)* Paalam ama, patawad sa mga maling inisip ko tungkol sa inyo. *(Tatayo.)* Ang sinuman sa inyo ang nais sumama ay magdesisyon na ngayon. Ikaw Victoria, hindi ka puwedeng maiwan, sumama ka sa akin.

**VICTORIA:** Salamat Josephine, akala ko iiwanan mo ako dito.

**JOSEPHINE:** Paalam Ka Rufo, bahala ka na kay ama.
*(Magsisimulang maglakad palayo sina Ivan, Josephine at Victoria, tatlong rebelde ang sasama kanila.)*

**RUFO:** Ivan ingatan mo si Josephine. Salamat sa impormasyon. Sana lang ay huwag nang muling mag-krus ang ating landas.

**IVAN:** Sana nga Ka Rufo, sana nga.

**- - - - - - - - - - - E N D - - - - - - - - - -**